American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN: 2378-703X
Volume-09, Issue-12, pp-84-97
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino sa Publiko

Aisa Y. Tenepre[1], Jomarie B. Valeriano[2], Lilibeth S. Eyo[3], Marlyn S. Cabayacruz[4]

[1] *Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*
[2] *Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*
[3] *Integrated Laboratory School, Western Mindanao State University, Philippines*
[4] *Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*

ABSTRACT: This study aims to examine challenges that students faces in their skills in using Filipino language in public speaking, focusing on psychological, social and academic challenges experienced by students. It also seeks to determine whether there are significant differences in the challenges faced by students based on their sex, year level, and first language. The study employed descriptive research design and utilized total enumeration sampling, involving seventy-four (74) students taking BSED Major in Filipino in the College of Teacher Education at Western Mindanao State University. The data were collected through survey questionnaire and analyzed using statistical tools such as weighted mean, frequency distribution, Mann-Whitney U test and Kruskal-Wallis test. The results showed that there are psychological, social, and academic challenges experienced by the students but were not major concern, there were challenges related to confidence, appropriate vocabulary usage and influenced of other languages. It is recommended that there should be communication programs in speaking using Filipino language to strengthen and enhance students' competence and confidence in public discourse.

KEYWORDS *- Filipino Language, First language, Gender, Grade Level, Public Speaking*

ABSTRAK : Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko batay sa pang-sikolohikal, pang-sosyal, at pang-akademiko na nararanasan ng mga mag-aaral, gayundin kung may makabuluhang pagkakaiba ang mga suliranin batay sa kasarian, baitang sa kolehiyo, at unang wika. Isinagawa ang pag-aaral gamit ang deskriptibong disenyong pamamaraan sa pananaliksik at ginamitan ng total enumeration sampling kung saan pitumpu't apat (74) na mag-aaral ang naging kalahok mula sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro. Ang mga datos ay nalikom sa pamamagitan ng talatanungan at isinailalim sa istadistikal na pagsusuri gaya ng weighted mean, frequency distribution, Mann-Whitney U test, at Kruskal-Wallis Test. Bagaman lumabas sa resulta na ang mga nararanasan ng mga mag-aaral na pang-sikolohikal, pang-sosyal, at pang-akademiko ay hindi pangunahing suliranin, subalit may mga suliranin sa kumpiyansa, paggamit ng tamang bokabularyo, at impluwensya ng ibang wika. Iminumungkahi ang pagpapatibay ng mga programang pangkomunikasyon na nakasentro sa pagsasalita sa wikang Filipino upang mapaunlad ang kahusayan at tiwala ng mga mag-aaral sa publikong diskurso.

I. INTRODUKSYON

Ang wika ay isang napakahalagang kaloob, isang tulay na nag-uugnay sa mga tao sa buong mundo. Isang kasangkapan upang maipahayag ang ating mga iniisip, nadarama, at nakikita, na nagpapahintulot sa atin na magkaunawaan at magkaroon ng malalim na koneksyon sa ating kapwa. Higit pa rito, ang wika ay naglalaman ng kasaysayan; ito ang nagbigay-daan sa mga sinaunang tao upang itala ang kanilang mga karanasan, at ito ang nagpapakita ng pamumuhay at kultura ng ating mga ninuno. Bawat bansa ay may sariling wika na nagpapahayag ng kanilang natatanging identidad, at ang Pilipinas, na mayaman sa iba't ibang wikain, ay patunay sa ating kultural na pagkakaiba-iba, ito ay ayon kay Reyes mula sa orihinal na ideya ni Lachica (2021).

Gayunpaman, sa kabila ng kahalagahan at benepisyo ng wikang Filipino, marami pa ring Pilipino ang hindi tumatangkilik sa sariling wika. Ayon sa pananaliksik nina Culla-ag et al. (2025), lumabas na mas pinahahalagahan ang paggamit ng wikang Ingles kumpara sa wikang Filipino. Gayundin sa pag-aaral ni Dicang

at Molina (2023), ang impluwensya ng wikang Ingles na mas nakikita bilang *"prestige"* na wika, ay nagiging hadlang sa mga mag-aaral na yakapin ang sariling wika. Ipinapakita sa kanilang pag-aaral na ang mataas na pagtingin sa wikang Ingles ay nag-uugat sa kolonyal na kaisipan na patuloy na nagpapalalim sa ideya na ang sariling wika ay may mababang halaga sa larangan ng edukasyon at propesyon kung kaya't maraming mag-aaral ang mas pinipiling magsalita at magsulat sa Ingles upang maituring na mas "edukado" o may kakayahan, na siyang nagpapahina sa aktibong pagtangkilik at pagpapahalaga sa wikang Filipino.

Ayon pa kina Dicang at Molina (2023), tinukoy nila ang wikang Filipino ay isa sa mga wikang nahihirapang gamitin sa pakikipagtalastasan sa kasalukuyan. Ang mga dahilan dito ay ang kakulangan sa bokabularyo, ang pagkalito dulot ng mga panlaping ginamit, at ang hindi sapat na paggamit nito, na nagiging sanhi ng mga isyu sa kahusayan at malinaw na pagpapahayag. Ang hindi sapat na pagsasanay sa mga mag-aaral ukol sa pagsasalita ng wikang Filipino ay nagreresulta sa kawalan ng kasanayan at tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan (Ortanez, 2025). Dagdag pa nina Quinlog et al. (2025), hirap ang maraming mag-aaral na gumamit ng akmang gramatika at bokabularyo sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ang pagkukulang sa kasanayan sa tamang paggamit ng wika at ang dominasyon ng wikang Ingles ay ilang mga sanhi na nagdudulot sa mga hamong ito. Ayon naman kina Culla-ag et al. (2025), ang mga mag-aaral ay nadiskubre na dumaranas ng mga hamon na kagaya ng pagkahiya tuwing sila ay nagsasalita kapag maraming tao, na nagdulot ng pag-iwas ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Napatunayan din ang ganitong obserbasyon sa pag-aaral ni Saavedra (2018) kung saan nagpakita din ng kahinaan sa gramatika at mekaniks sa ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

Bagama't may mga pag-aaral na tumatalakay sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko, limitado ang mga pananaliksik na nakatuon sa konteksto ng Zamboanga City, lalo na sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Isinagawa ang pag-aaral na ito upang tuklasin ang mga suliraning pang-akademiko, sikolohikal, at sosyal na kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko sa nasabing pamantasan. Bukod dito, layunin din ng pag-aaral na suriin ang mga salik tulad ng kasarian, antas ng baitang sa kolehiyo, at unang wika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino, at alamin kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang mga kinakaharap na suliranin batay sa mga salik na ito. Inaasahan ng mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga praktikal na rekomendasyon at estratehiya para sa mga mag-aaral at guro.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay alamin ang mga suliranin sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa harap ng publiko ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino. Nilalayon nitong sagutin ang mga sumusunod na mga tiyak na tanong:

1. Ano-ano ang mga pangunahing suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko batay sa mga sumusunod na aspekto:
   a. Sikolohikal
   b. Sosyal
   c. Pang-akademiko

2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa pubiko kung paghahambingin batay sa mga sumusunod na baryabol:
   a. Kasarian
   b. Antas ng baitang sa kolehiyo
   c. Unang wika

III. KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

3.1 Kasanayan sa Pagsasalita

Sa mundo sa kasalukuyan, ang pakikipagkomunikasyon lalo na ang kasanayan sa malinaw at maayos na pagsasalita ay may napakahalagang papel na ginagampanan sa pagtatagumpay sa lahat ng larangan (Malavika at MuthuKrishnan, 2021). Dagdag pa ni Sadullayeva (2021), napapabuti ang kalidad ng buhay ng isang tao ng kanyang kasanayan sa pagsasalita at ang kasanayang ito ay mahalaga sa pagtatagumpay sa tinatahak na karera. Sa modernong panahon karaniwan na ang mga panayam sa trabaho, ang pagpili sa mga matatanggap base sa kahusayan sa pagsasalita sa panayam. Sinasang-ayunan ito ng pag-aaral nina Sandal, Saavedra, Madrazo & Ramos (2022) kung saan napatunayan na ang mga mag-aaral ay may mataas na motibasyon sa pagsasalita ng wikang Ingles sapagkat naniniwala silang ang mahusay na kakayahan sa

pagsasalita ng Ingles ay nagbibigay sa kanila ng bentahe lalo na kapag maghahanap na ng trabaho. Kailangan patunayan ng mga aplikante ang kanilang talento sa pamamagitan ng kasanayan sa pagsasalita na kung saan ang mga aplikante ay dadaan sa pagsagot sa mga argumentatibong tanong at sasailalim sa diskusyon (Rao, 2019). Bukod dito, ang kasanayan sa pagsasalita ay hindi lamang nasusukat sa panayam kundi sa pang-araw-araw na komunikasyon sa loob at labas ng opisina. Mahalaga ang malinaw at epektibong pagpapahayag upang mapanatili ang maayos na daloy ng trabaho at maiwasan ang hindi pagkakaunawaan sa mga katrabaho at kliyente. Kaya naman, ang pagsasanay sa komunikasyon ay patuloy na pinapahalagahan sa iba't ibang organisasyon upang mapaunlad ang propesyonalismo ng bawat empleado. Hindi lamang sa larangan ng trabaho mahalaga ang kasanayan sa pagsasalita kundi pati na rin sa iba't ibang aspeto ng buhay tulad ng edukasyon, politika at personal na relasyon sapagkat nagiging daan ito upang mapanatili ang bukas na komunikasyon at pagkakaunawaan.

Ayon sa artikulo ni Locus (2023), 75% ng mga nasa hustong gulang o tatlo sa apat na mga Pilipino ay may kakayahang gamitin ang wikang Filipino sa pagpapalitan, pagsusulat, pag-unawa at pag-iisip, habang 47% ng mga Pilipino naman na may kakayahang gamitin ang Wikang Ingles. Sa isang pag-aaral ng Social Weather Stations (SWS), 1,200 na Pilipinong nasa hustong gulang ang lumahok isang pagsusuri sa pamamagitan ng pakikipanayam nang harapan na ginanap mula Marso 26 hanggang Marso 29. Sa nabanggit na pagsusuri, ang mga kalahok na nakababasa ng wikang Filipino ay nasa 96%, 93% naman ang nakauunawa at nakasusulat, habang nasa 87% ang mga may kasanayan sa pagsasalita, 75% ang nakapag-iisip sa Filipino, at 1% naman ang walang kasanayan sa mga nabanggit. Dagdag pa rito, nasa 80% ang mga Filipino na may kakayahang umunawa ng sinasalitang wikang Ingles, ang nakapagbabasa ay 80%, ang nakapagsusulat ay nasa 69%, ang nakapagsalita ay nasa 55% at ang nakapag-iisip gamit ang wikang Ingles ay nasa 47%. Ang hindi naman nakagagamit ng mga kasanayan na nabanggit ay nasa 9%. Mahihinuha mula sa datos na ito na bagama't mataas ang kasanayan ng mga Filipino sa pagsasalita ng wikang Filipino, mas mataas pa rin ang kanilang kakayahan sa pagbasa, pag-unawa at pagsulat. Ipinapakita nito na may bahagyang pagkakaiba ang antas ng kasanayan sa iba't ibang aspeto ng paggamit ng wika. Maitutulad din ang pag-aaral ni Saavedra (2020) kung saan nagpakita ng katamtamang antas ang mga mag-aaral sa elementarya sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino, gayunpaman, kinakailangan pa ring malinang ang kasanayan nila sa pagsulat.

Sa pag-aaral naman nina Erezo at Sagala (2021), kanilang natuklasan na kung papangkatin ayon sa kasarian ang mga tagatugon, ang mga babae ay mas mahusay sa tatlong antas ng kasanayan sa pagsasalita, sa balarila, sa pagbigkas at katatasan. Habang ang mga lalaki naman ay nakakuha ng mababa, na may isang mahusay at tatlong kasiya-siya, sa balarila, sa talasalitaan at sa katatasan. Ngunit mas mataas ang pagbigkas na may mahusay na antas. Ayon naman kay Delos Reyes (2017), ang lalaki at babae ay may pagkakaiba din sa kasanayan sa pagsasalita. Ang mga babae ay likas na mahusay ang pang-unawa kaysa sa lalaki. Ngunit, ayon kay Alison, mula sa orihinal na ideya ni Almalki (2016), ayon sa antas ng kahusayan sa wikang Filipino na kanyang pinag-aralan, ang naging resulta ay ang pagkilala sa pagkaunawa sa salita ng mga mag-aaral kapag sila ay papangkatin base sa kasarian ay walang natatanging kaibahan o hindi makabuluhan ang namamagitan sa antas ng pagkilala ng pag-unawa at salita.

3.2 Kasanayan sa Wikang Filipino

May kahinaan ang mga Pilipinong mag-aaral sa larangan ng pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang Filipino. Isa sa mga isyu ay ang kahirapan sa paggamit ng tamang mga salita, idyoma, at bokabularyo. Mayroon ding kakulangan sa pagbuo ng mga pangungusap sa tamang tuntunin ng paggamit ng wika at maraming mga mag-aaral ang kulang sa paglalantad sa wikang Filipino (Fajardo et al., 2024). Ayon pa kay Niki Calma, ang Tagapangulo ng Kurikulum sa Filipino ng *The Learning Library*, ang paglalantad sa isang wika ay isang mahalagang salik sa pagpapadali para sa mga bata na matuto nito. Dapat na malantad ang mga bata sa isang wika nang hindi bababa sa 30% ng kanilang mga oras na gising upang matuto nito. Ang paglalantad na ito ay dapat na de-kalidad, tulad ng mga pampayaman na aktibidad, mga pag-uusap, o kagiliw-giliw na materyales sa pag-aaral gayundin sa mga sitwasyong kung saan kailangan ang pagsasanay at pakikipag-usap sa Filipino upang maengganyo ang kabataan na gamitin ang kanilang mga kasanayan sa wikang Filipino. Kaya naman, lumabas sa pag-aaral ni Saavedra (2016) na mahalagang maging malikhain ang mga guro sa pagpili ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Napatunayan niya na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo may mas napabibilis ang pagpapahusay sa kasanayang pasulat ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral naman ni Mendoza (2022), tinampok niya ang kakulangan ng mga materyales sa pag-aaral na nakatutok sa wikang Filipino. Ipinakita niya na ang 65% ng mga guro ay hindi sapat ang kasanayan sa pagtuturo ng Filipino, na nagreresulta sa mababang antas ng pag-unawa ng mga estudyante. Ang mga guro naman na gumagamit ng interaktibong mga aktibidad sa pagtuturo ay nag-ulat ng 80% na pagtaas sa kasanayan sa pagsasalita ng mga estudyante. Dagdag pa sa pananaliksik nina Alonzo et al. (2021), ang paggamit ng mga lokal na kwento at kulturang materyal ay epektibong paraan upang mapalakas ang kasanayan sa wika. Ang 75% ng mga estudyanteng lumahok sa kanilang programang may kaugnayan sa lokal na kultura ay nagpapakita ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino.

3.3 Kasanayan sa Unang Wika

Sa kasalukuyang panahon natin ang pagiging maalam sa higit sa isang wika ay isang mahalagang salik sa pagiging isang matagumpay na propesyonal, bunga nito, ang pagiging *bilingual* ay naging isa sa pangunahing layunin at nilalaman ng edukasyon (Salmona, 2014). Upang matulungan ang isang indibidwal na makagawa nang mabuti at maging mahusay sa bahay lalo na sa paaralan, ang wika ay ang pinakamahusay na kagamitan upang maisakatuparan ito. Maraming mga indibidwal ang ninanais na matuto ng higit sa isang wika, ang ilan sa mga indibidwal na natututo ng higit sa isang wika ay naipapakita na sila ay may mahusay na kasanayan sa wika, sa alinmang wika at mas malamang na mas mahusay bumuo o gamitin ang kanilang utak, may mas mahusay na kasanayan sa komunikasyon at handang-handa sa pag-aaral (Best Start Resource Centre, 2014).

Bagamat mas pinapahalagahan ang pagiging maalam sa higit sa dalawang wika o mas maraming wika sa panahon ngayon, huwag nating kaligtaan na bigyan ng kahalagahan ang ating mga unang wika. Patuloy na gamitin, magsikap at mag-aral upang payabungin at pagyamanin ito at higit sa lahat magsikap upang maging maalam patungkol rito. Natututuhan ng isang indibidwal ang kanyang unang wika mula sa kanyang kapanganakan at madalas na ginagamit sa pang-araw-araw na komunikasyon. Sinasang-ayunan ito sa pag-aaral nina Saavedra at Karanain (2022), na isa sa dahilan ng mababang antas sa kahusayan ng mga mag-aaral sa wikang Chabacano ang hindi malawak na exposure sa wikang ito. Nabanggit ng mga kalahok ng pag-aaral na ang wikang ito ay hindi madalas gamitin sa kanilang mga tahanan at maging ng kanilang mga kaklase. Kaya naman, nahihirapan silang unawain ang mga binabasang teksto na nasusulat sa wikang Chabacano. Ang pag-aaral na ito ay nagpatunay na ang paggamit ng wika sa araw-araw na komunikasyon ay mahalagang bagay upang malinang ang kakayahan sa target na wika. Ang unang wika ang pangunahing wika na nagbibigay sa atin ng identidad at koneksyon sa ating kultura. Dahil sa unang wika naipapasa ang mga tradisyon, kwento at mga kaugaliang bahagi ng ating lipunan. Sa paggamit rin ng unang wika ang bawat indibidwal ay mas magiging komportable sa pakikipagtalastasan, nakatutulong ito sa pagbuo ng matibay at malalim na relasyon sa kapwa. Maliban sa kabutihang naidudulot ng kasanayan sa unang wika sa aspektong sikolohikal at sosyal, may makabuluhang halaga rin ang kasanayan sa unang wika sa pang-akademikong tagumpay ng isang mag-aaral. Nagsisilbi rin itong isang pundasyon sa ating epektibong pag-unawa sa mga konsepto at ang malalim na kasanayan sa sariling wika ay nagpapalakas ng kakayahan sa pagsusuri at pag-unawa sa iba't ibang pag-aaral o mga bagay-bagay sa mundo. (Sanaysay.ph, 2025).

Dagdag pa sa pag-aaral ni Salmona (2014), ang mga mag-aaral na may kasanayan sa unang wika ay mas madaling nakukuha o naiintindihan ang pangalawang wika. Sa kanyang pag-aaral natuklasan din na ang mga mag-aaral ay mas naeengganyo na makilahok sa mga aktibidad na gumagamit ng *code switching* ng una at pangalawang wika. Ang kanilang antas ng partisipasyon ay mas mataas, kung saan nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga guro upang pag-ugnayin ang ibang mga gawain at palalimin ang kanilang pag-unawa. Kapag ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok, mas maayos ang daloy ng klase na nagreresulta sa isang makabuluhang pagkatuto.

Bilang karagdagang suporta sa mga puntong ito, tinalakay ni Cummins (2019) sa kanyang aklat ang mahalagang papel ng unang wika sa pagkatuto ng pangalawang wika at pang-akademikong pag-unlad. Ipinakita niya na ang malalim na kasanayan sa unang wika ay may positibong epekto sa *literacy development* sa pangalawang wika, na nagpapadali sa paglilipat ng kaalaman mula sa isang wika patungo sa isa pa. Ipinakita rin sa pag-aaral ni Benson (2016) na ang paggamit ng unang wika bilang wikang panturo ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng partisipasyon at akademikong tagumpay. Ang mga mag-aaral na tinuturuan gamit ang kanilang unang wika ay mas madaling nakauunawa ng mga konsepto at mas mahusay sa pagbabasa at pagsusulat.

3.4 Suliraning Kinakaharap sa Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino

Ang mga pangunahing suliranin sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino bilang isang wika ay kinabibilangan ng kakulangan sa mga akdang pampanitikan at materyales na nakatutok sa pagsasalita at ang kakulangan sa mga gawain na nakapagpapalakas ng tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang magsalita ng Filipino (Garcia, 2020). Isa pang suliranin ang natuklasan nina Dicang at Molina (2023), na ang mga mag-aaral ay takot na magkamali sa paggamit ng wikang Filipino dahil maaaring maipaghahalo nila ang ibang wika tulad ng Ingles at ibang katutubong wikang kanilang kinagisnan, naniniwala ang ilan sa kanila na hindi sila magaling magsimula ng isang pag-uusap. Dahil sa takot na ito, nahihiya ang mga mag-aaral na makipag-usap sa mga guro at mga kamag-aral, umintindi sa kausap at nawawala ang kagustuhang gamitin sa pagsasalita ang wikang Filipino. Dagdag pa sa pag-aaral nila na ang mga mag-aaral ay nahihiyang sumangguni at sumagot gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-akademiko tulad ng paglilinaw ng paksang pinag-aaralan at pagsagot sa resitasyon, isa sa mga nagreresulta nito ay kakulangan ng kaalaman sa mga salita at gramatika ng wikang Filipino dahil dito mahihirapan ang mga mag-aaral na bumuo ng tanong at ng sasabihin.

Sa pag-aaral naman nina Delos Santos at Villanueva (2022) na tumalakay sa sikolohikal na hadlang sa pagkatuto ng Filipino, ipinakita na ang *stigma* ng pagiging hindi mahusay sa wika ay nagiging hadlang sa mga mag-aaral na nais magsalita. Ang kanilang pananaliksik ay nagbigay-diin sa pangangailangan ng mga

interbensyon upang matulungan ang mga mag-aaral na malampasan ang mga hadlang na ito. Ang mga hamon na ito sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino ay ilan lamang sa mga suliranin at ito ay nagmumula sa masalimuot na interaksyon ng mga aspekto ng edukasyon, sosyolohikal, kultura, at sikolohiya. Ngunit may mga natuklasan mula sa iba't ibang pag-aaral ang nagpakita na ang pagtugon sa mga hamong ito at nangangailangan ng isang holistikong diskarte na may layuning mapalakas ang paggamit ng wikang Filipino at mapabuti ang akademikong tagumpay ng mga mag-aaral.

Isa sa mga pag-aaral na ito ay ang pag-aaral na isinagawa nina Lim at Torres (2022) ang nagpakita ng kaugnayan sa pagitan ng regular na pagsasanay sa pagsasalita at ang pag-unlad ng kasanayan sa wikang Filipino. Ayon sa kanilang pananaliksik, ang mga estudyanteng laging nakikilahok sa mga talakayan at pagsasanay ay nagpakita ng mas mataas na antas ng kakayahan sa pagsasalita. Ayon naman pag-aaral ni Santos (2020) na nagbigay-diin sa papel ng mga guro sa pagbuo ng kasanayan sa pagsasalita ng kanilang mga estudyante. Ipinakita na ang mga guro na may malalim na kaalaman sa wikang Filipino ay mas epektibo sa paghubog ng kumpiyansa at kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-usap. Sinasalamin nito ang pangangailangan para sa mga programang pagsasanay na nakatuon sa paglinang ng kakayahan ng mga guro.

Ayon naman pag-aaral na isinagawa nina Rodriguez at Santos (2021), ang positibong pananaw sa sariling wika ay may malaking epekto sa kasanayan ng mga estudyante. Ang mga estudyanteng may mataas na antas ng pagpapahalaga sa kanilang wika ay mas aktibong nakikilahok sa mga talakayan at may tiwala sa kanilang kakayahan sa pagsasalita. Dagdag pa rito, ang pagkakaroon ng *supportive* na kapaligiran mula sa pamilya at mga kaibigan ay nakatutulong upang mabawasan ang takot sa pagkakamali. Tinalakay rin nina Javier at Mendoza (2023) ang impluwensya ng pamilya at komunidad sa kasanayan sa pagsasalita ng mga estudyanteng Pilipino, dito ay natuklasan na ang mga pamilyang gumagamit ng Filipino sa kanilang araw-araw na pag-uusap ay may mga anak na mas mahusay sa pagsasalita kumpara sa mga pamilyang gumagamit ng ibang wika. Ang pagkakaroon ng mga kapwa mag-aaral na gumagamit ng Filipino sa kanilang interaksyon ay nagpapalakas din ng kasanayan at tiwala ng mga estudyante.

3.5 Pagsasalita sa Publiko

Nakapagpabukas ng maraming oportunidad, maging sa propesyonal na karera o personal na buhay ang mahusay na kasanayan sa pagsasalita sa publiko. Hindi lamang ito basta simpleng paglalahad ng talumpati, kundi ito ay pakikipag-ugnayan sa inyong mga tagapakinig at epektibong pagbabahagi ng mensahe. Maraming benepisyo ang pagiging dalubhasa sa pagsasalita sa publiko. Maaaring maka-impluwensiya, makapagbigay ng inspirasyon ang isang indibidwal na dalubhasa sa pampublikong talastasan sapagkat mahalaga ito upang epektibong pamunuan ang kapwa o sinasakupan. Sa kabila ng kahalagahan at mga magagandang benepisyo ng pagiging mahusay sa pagsasalita sa publiko marami pa ring takot na subukan ito kung kaya't naituturing ito na isang suliranin na maaaring magdulot ng kawalan ng kumpiyansa, pagkabalisa, at pagkailang kabilang na sa mga mag-aaral (Florkin, 2024). Ayon kay McCroskey (1997), ang takot sa pagsasalita sa publiko ay isang karaniwang suliranin na nararanasan ng maraming mag-aaral. Ang pagkabahala at pag-aalinlangan sa sariling kakayahan ay nagiging hadlang sa kanilang pagsasalita. Nagpatunay ang pag-aaral ni Rachmawati (2019) na ang mga mag-aaral na may mababang antas ng tiwala sa sarili ay mas malamang na makaranas ng takot at pagkabalisa kapag humaharap sa publiko. Sa katunayan, ang kanilang mga natuklasan ay nagpakita na 68% ng mga kalahok ang nag-ulat ng matinding *anxiety*, na naglilimita sa kanilang kakayahang ipahayag ang kanilang mga ideya nang maayos. Dagdag pa ni Goleman (2006), na ang kakayahan sa pagsasalita ay hindi lamang nakabatay sa kasanayan sa wika kundi pati na rin sa kasanayan sa pag-unawa ng konteksto at mensahe. Ipinapakita ng kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral na nahihirapan sa mga asignaturang may kinalaman sa wika, tulad ng literatura at komunikasyon, ay nagkakaroon din ng mga hamon sa kanilang kasanayan sa pagsasalita sa publiko.

Natuklasan naman nina Sellnow at Treinen (2004) na ang kasarian ng nagsasalita ay hindi nakaapekto sa pangkalahatang antas ng kakayahan nito sa pagsasalita. Gayunpaman, ang kasarian ng nagsasalita ay nakaapekto sa antas ng pagkumbinsi at sa uri ng mga komento mula sa mga tagasuri. Sa pag-aaral naman nina De Paola et al. (2020), nakita na kumpara sa mga lalaki ang mga babaeng mag-aaral ay mas mababa ang kahandaang mag presenta o magsalita sa harapan ng maraming tao o publiko.

Ayon naman kina Wang at Hwang (2018), may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkabahala sa pagsasalita sa publiko batay sa kasarian. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na 65% ng mga kababaihan ang nag-ulat ng mataas na antas ng *public speaking anxiety* kumpara sa 40% ng mga kalalakihan. Ang pagkakaibang ito ay maaaring maiugnay sa mga panlipunang inaasahan at *stereotype* na pumapalibot sa kakayahan ng mga kababaihan sa pagsasalita sa publiko, na nagiging sanhi ng kanilang mas mataas na pagkabahala. Samantala sa pag-aaral ni Smith (2020), 78% ng mga mag-aaral sa mataas na baitang ang nag-ulat ng tiwala sa kanilang kakayahan sa pagsasalita sa publiko, kumpara sa 50% ng mga mag-aaral sa mababang baitang.

IV. BATAYANG TEORETIKAL

Sa pananaliksik hinggil sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko, ginamit bilang batayan ang Teorya ng Komunikatibong Kakayahan ni Dell Hymes, ang Teoryang Sosyo-Kultural ni Lev Vygotsky, ang Genderlect Styles Theory ni Deborah Tannen, at ang Teoryang Nativist o Language Acquisition Theory ni Noam Chomsky upang suportahan ang pag-aaral na ito. Ang mga teoryang ginamit ay naglalayong palakasin ang pag-unawa sa mga salik na nagdudulot sa pagkatuto at paggamit ng wika, lalo na sa konteksto ng interaksyong sosyal, kultura, mga pagkakaibang kasarian, at likas na kakayahan ng mga indibidwal.

Ayon kay Dell Hymes (1972)**,** ang kakayahang pangwika ay hindi lamang nakabatay sa kaalaman sa gramatika kundi pati na rin sa kakayahang gamitin ito nang angkop sa iba't ibang sitwasyon. Ipinakilala niya ang *Speaking Model***,** na binubuo ng mga salik tulad ng *setting at scene* (lugar at konteksto), *participants* (mga kalahok), *ends* (layunin), *act sequence* (daloy ng usapan), *keys* (tono at paraan ng pagsasalita), *instrumentalities* (paraan ng komunikasyon), *norms* (mga alituntunin sa komunikasyon), at *genre* (uri ng diskurso). Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ipinapakita sa teorya ni Hymes kung paano ang mga salik tulad ng lugar, mga tagapakinig, at layunin, ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng mag-aaral na magsalita sa publiko. Ang mga hadlang tulad ng kakulangan sa kumpiyansa at takot sa pagkakamali ay maaaring maging pangunahing balakid sa epektibong komunikasyon.

Samantala, ipinaliwanag naman ni Vygotsky (1978) sa kanyang *Teoryang Sosyo-Kultural* na ang wika ay natutuhan sa pamamagitan ng interaksyon sa iba. Mahalaga ang *Zone of Proximal Development (ZPD)***,** kung saan natututo ang isang indibidwal nang mas epektibo sa tulong ng mas may kaalaman, tulad ng guro o mas bihasang kapwa mag-aaral. Sa pananaliksik na ito, ipinapakita ng teoryang ito kung paano ang pakikisalamuha sa kapaligiran, lalo na sa pamamagitan ng pagsasanay sa pampublikong pagsasalita, ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Ang kakulangan sa pagsasanay at suporta mula sa iba ay maaaring magdulot ng kahirapan sa epektibong paggamit ng wikang Filipino sa publiko.

Dagdag pa rito, ang *Genderlect Styles Theory* ni *Deborah Tannen (1990)* ay tumatalakay sa pagkakaiba sa estilo ng komunikasyon ng mga lalaki at babae. Ayon sa kanyang pag-aaral, ang mga kalalakihan at kababaihan ay may magkaibang paraan ng pakikipag-usap dahil sa mga kultural at panlipunang inaasahan. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ipinaliliwanag sa teoryang ito kung paano ang mga *stereotype* at inaasahang gawi batay sa kasarian ay nakakaapekto sa kumpiyansa ng isang mag-aaral sa pagsasalita sa publiko. Halimbawa, maaaring makaranas ang mga kababaihan nang mas mataas na antas ng takot sa pampublikong pagsasalita dahil sa mas mataas na pamantayang panlipunan na inilalapat sa kanilang komunikasyon.

Samantala, ayon kay *Noam Chomsky (1965),* ang tao ay may likas na kakayahang matuto ng wika sa pamamagitan ng isang mekanismong tinatawag na *Language Acquisition Device (LAD).* Ipinapakita sa teoryang ito na kahit walang pormal na instruksyon, kayang matutuhan ng isang indibidwal ang wika kung siya ay nalalantad dito. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ipinapahiwatig ng teoryang ito na ang mga mag-aaral ay may natural na kakayahang matuto at gumamit ng wikang Filipino. Gayunpaman, maaaring makaapekto ang panlabas na salik tulad ng kakulangan sa pagsasanay, impluwensya ng ibang wika, at kawalan ng tiwala sa sarili sa kanilang aktwal na paggamit ng wikang Filipino sa pampublikong pagsasalita.

V. METODOLOHIYA

Tinatalakay sa bahaging ito ang pamamaraang ginamit sa pananaliksik. Inilalahad rin sa bahaging ito ang disenyo, lugar, impormante, instrumento at estadistikal na pamamaraang ginamit sa pag-aaral. Kasama ang mga hakbang ng pag-aaral, paglilikom ng mga datos, at pagsasaayos at pag-aanalisa ng mga datos.

5.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pananaliksik at isinagawa gamit ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik, na naglalayong tukuyin at ilarawan ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagsasalita. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng *Descriptive Research Design* at naghanda ng mga talatanungan sa paglilikom ng datos.

5.2 Mga Kalahok

Ang pamamaraan na ginamit sa pananaliksik na ito sa pagpili kung sino ang mga kalahok ng pananaliksik ay Total Enumeration Sampling. Ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro, sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao, ang mga napiling kalahok sa pag-aaral. Dalawampung (20) mag-aaral mula sa unang antas, labimpitong (17) mag-aaral mula sa ikalawang antas, dalawampu't isang (21) mag-aaral mula sa ikatlong antas at labing-anim (16) na mag-aaral mula sa ika-apat na antas. Pitumpu't apat (74) ang kabuoang bilang ng mga mag-aaral na kalahok sa pananaliksik.

5.3 Paraan ng Paglikom ng Datos

Ang paraan ng paglikom ng datos ay ginawa sa pamamagitan ng pamamahagi ng *printed* at *online link* ng talatanungan na ginawa sa *Google Forms*. Bago kinuha ng anumang datos o impormasyon gamit ang talatanungan o *survey questionnaire*, hiningi muna ang pahintulot ng mga kalahok sa pamamagitan ng mga liham pahintulot.

5.4 Etikal na Konsiderasyon

Ang lahat ng datos na nakalap, tulad ng pangalan, kasarian, antas ng baitang sa kolehiyo, unang wika, at sagot ng mga kalahok, ay siniguradong ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik. Ang mga datos na ito ay siniguradong sumailalim sa wastong pamamaraan ng pagkolekta, pagproseso, at pagprotekta. Ang mga datos ay tiniyak na kumpidensyal at tiniyak ng mga mananaliksik na ang impormasyon ng mga kalahok ay naprotektahan at ginamit nang may pagsunod sa mga regulasyon ng *Data Privacy Act of 2012*.

Ipinatupad ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ang isang masusing proseso ng pagkuha ng pahintulot na siniguradong lubos na nauunawaan ng mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, kasama ang mga posibleng panganib at kanilang mahalagang gampanin. Ibinahagi sa pamamaraang madaling maunawaan ng mga kalahok ang mga informed consent, kasama ang pagtiyak ng mahigpit na pagpapanatili ng pagiging kumpidensyal at anonymous sa mga kalahok sa pamamagitan ng pagtatanggal ng mga personal na pagkakakilanlan. Walang nakuhang pondo o benepisyo sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito mula sa anumang institusyon na may kinalaman sa pinag-aaralang paksa. Sa mga kalahok naman sa pananaliksik na ito, ipinaalam na walang anumang personal na benepisyo o pinansyal na insentibong naibigay ang mga mananaliksik. Ipinaalam din na mayroong karapatan ang mga kalahok na tumanggi o bawiin ang kanilang pahintulot at impormasyong ibibigay sa anumang punto ng pananaliksik.

5.5 Instrumentong Ginamit

Ginamit ng mga mananaliksik ang talatanungan o *survey questionnaire* na hango mula sa pag-aaral nina Culla-ag et al. (2025) na *Mga Hamon sa Epektibong Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagsasalita*. Ang mga katanungan ay sumailalim muna sa *pilot testing* bago isinagawa ang pag-aaral upang subukin ang validity at reliability nang masuri ang kalinawan at matiyak na makuha nito ang kinakailangan na impormasyon. Matapos na isagawa ang pagsubok at pagkolekta ng talatanungan ay itinipon ang mga sagot para magamit sa pagsasaliksik.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng talatanungan na may mga diskriptibong pahayag na nahahati sa tatlong aspekto; sikolohikal, pang-akedemiko, at sosyal, upang suriin ang mga suliranin kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay gumanit ng apat (4) na puntusang eskala o *four-point likert scale* sa talatanungan. Kung saan ang isa (1) ay nangangahulugang “Hindi Sumasang-ayon”, ang pangalawa (2) ay nangangahulugang “Hindi Gaanong Sumasang-ayon”, ang pangatlo (3) ay nangangahulugang “Sumasang-ayon” at ang apat (4) ay “Lubos na Sumasang-ayon” upang matukoy ang mga hamon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mamag-aaral.

5.6 Estadistikang Ginamit

Sa pag-analisa ng mga datos, ginamit ang *descriptive statistics*, partikular ang *frequency distribution* at *weighted mean* upang masagot ang unang layunin ng pag-aral na ito na mga pangunahing suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko batay sa suliraning pang-sikolohikal, pang-sosyal at pang-akademiko. Ginamit din ang *Mann-Whitney U Test* at *Kruskal-Wallis Test* upang suriin ang pagkakaiba sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko kung paghahambingin ito batay sa kasarian, antas ng baitang sa kolehiyo, at unang wika ng mga kalahok.

Ginamit ang descriptive statistics sa pagsuri ng mga datos, partikular na ang *mean score* at *frequency percentage score*. Ang bawat pahayag sa talatanungan ay sinuri batay sa mean score upang sukatin suriin ang mga suliranin kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa mga aspetong sikolohikal, pang-akademiko, at sosyal. Ginamit ang puntos mula 1 hanggang 4 sa bawat sagot, kung saan ang 1 ay nangangahulugang “Hindi Sumasang-ayon” at ang 4 ay “Lubos na Sumasang-ayon”. Ang interpretasyon at implikasyon ay nakaangkla sa resulta sa sumusunod:

Talahanayan 1. ***Estadistikang ginamit sa pagsusuri ng mga suliranin kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino***

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na paliwanag	Simbolo
4	3.26– 4.00	Lubos na Sumasang-ayon	LnS
3	2.51 – 3.25	Sumasang-ayon	S
2	1.76 – 2.50	Hindin Gaanong Sumasang-ayon	HgS
1	1.0 1.75	Hindi Sumasang-ayon	HS

Ang kabuuang saklaw ng mga posibleng puntos ay mula 1.00 hanggang 4.00. Upang matukoy ang lawak ng bawat kategorya, ginamit ang pormula (4.00–1.00)÷4=0.75. Ang nakuhang 0.75 ang nagsilbing range para sa interpretasyon ng bawat kategorya. Samantala, upang makuha ang natimbang na kabuuang bigat at rango, ginamit ang formula na WM=TWP÷NWM, kung saan ang WM ay weighted mean, ang TWP ay total weighted points, at ang N ay bilang ng mga respondente.

VI. RESULTA AT DISKUSYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng pagsusuri at interpretasyon ng mga nakalap na datos upang matugunan ang mga suliranin ng pag-aaral. Ang mga datos na may elementong istatistikal ay ipinresenta sa anyong talahanayan at tekstuwal. Ang pagtalakay sa mga resulta ay inayos batay sa pagkakasunod ng mga layunin ng pananaliksik. Ang sumusunod ay ang mga kinalabasan na tumutugon sa bawat layunin ng pag-aaral:

Talahanayan 2. ***Mga pangunahing suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko batay sa suliraning pang-sikolohikal***

Indicator	Weighted Mean	Descriptor
Suliraning Pang-sikolohikal	2.02	Hindi gaanong Sumasang-ayon

Batay sa datos sa Talahanayan 2, na nakakuha ng 2.02 na weighted mean, pinapaliwanag nito na karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gaanong apektado ng mga suliraning pang-sikolohikal sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko. Bilang pagsuporta sa resultang ito, natuklasan sa pag-aaral nina Sulindra et al. (2023) na karamihan sa mga kalahok ay nakararanas ng mga negatibong damdamin kaugnay sa mga gawain sa pagsasalita, gaya ng pagiging kinakabahan, takot na magkamali, takot sa kabiguan, kawalan ng tiwala sa sarili, paninikip ng dibdib, pagkabalisa, at pagdududa, pati na rin ang mabilis na tibok ng puso at panginginig. Kadalasan, ang mga ito ay nag-uugat sa takot na hindi matugunan ang inaasahan, kakulangan sa paghahanda, at kakulangan sa sapat na kakayahan sa wika.

Ayon naman sa isang pag-aaral ni Galdonez (2023) tungkol sa "Filipino language anxiety among science high school students" ay higit pang sumusuporta dito, na nag-uulat ng katamtamang antas ng nerbiyos, hirap sa pag-alala ng salita, at takot sa pambu-bully dahil sa wika. May pakakatulad din sa natuklasan nina Pike at Raymundo (2024) tungkol sa "P*ublic Speaking Classroom Anxiety and Oral Language Performance of Senior High School Students"* na ang takot sa pagkakamali at negatibong paghuhusga ng mga kapantay ay nagpapahina sa kumpiyansa at kagustuhan ng mga mag-aaral na magsalita sa publiko.

Talahanayan 3. ***Mga pangunahing suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko batay sa suliraning pang-sosyal.***

Indicator	Weighted Mean	Descriptor
Suliraning Pang-sosyal	1.84	Hindi gaanong Sumasang-ayon

Batay sa datos mula sa Talahanayan 3, makikita na ang mga suliraning pang-sosyal na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino ay hindi itinuturing na malala o sagabal sa kabuoan. Ayon sa mga resulta, karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gaanong sumasang-ayon na sila ay nahihirapan sa pakikipag-usap gamit ang wikang Filipino na may *mean* na *1.84*.

Napatunayan sa ginamit na batayang teoretikal ni Lev Vygotsky (1978) ang konsepto ng *Zone of Proximal Development (ZPD)* na mas napauunlad ng isang mag-aaral ang kanyang kakayahan kung siya ay ginagabayan at sinusuportahan sa tamang antas ng hamon. Nagpapahiwatig ito na ang mga mag-aaral ay nasa mga sitwasyong nagbibigay daan upang malampasan nila ang mga hadlang sa pagsasalita, gaya ng hiya, takot sa paghuhusga, at impluwensiya ng sariling diyalekto. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral nina Megawati at Apriani (2023) sa kanilang pag-aaral na "*The Dynamics of Public Speaking Anxiety and its Impact on Speaking Performance*" na ang pagkakaroon ng pagkabalisa sa pagsasalita ay isang kalagayan kung saan ang isang indibidwal ay nakakaramdam ng hindi komportableng damdamin at pagkabalisa, kaya't nahihirapan siyang maayos na makabuo ng mensahe kapag nahaharap sa pampublikong sitwasyon.

Talahanayan 4. ***Mga pangunahing suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko batay sa suliraning pang-akademiko***

Indicator	Weighted Mean	Descriptor
Suliraning Pang-akademiko	1.96	Hindi gaanong Sumasang-ayon

Batay sa datos sa Talahanayan 4, nakakuha ng weighted mean na 1.96 na nangangahulugang hindi gaanong sumasang-ayon at karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gaanong apektado ng mga suliraning pang-akademiko sa paggamit ng wikang Filipino. Ipinakikita ng mga resulta na may kakayahan ang mga mag-aaral na matuto at makibahagi sa klase gamit ang wikang Filipino sa kabila ng iilang balakid. Sumasang-ayon sa kasalukuyang resulta ng pag-aaral ang pananaliksik nina Tomas et al. (2023) na tumatalakay sa pananaw ng mga mag-aaral na KanKanaey sa wikang Filino bilang wikang panturo. Bagamat napatunayang epektibo ito sa pagpapaliwanag ng mahihirap na aralin, naranasan pa rin ng mga mag-aaral ang ilang suliranin tulad ng tamang pagbigkas, paggamit ng mga salita, at kakulangan sa bokabularyo. May pagkakatukad din sa pag-aaral ni Daal (2023) na tumalakay sa mga salik at epekto ng pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa *Father Saturnino Urios University*, natuklasan na bagama't may mga mag-aaral na kapag ginagamit nila ang wikang Filipino sa pang-akdemikong konteksto sila ay nakararamdam ng *anxiety* o pagkabalisa. Ngunit ang kanilang nararanasang pagkabalisa ay walang epekto sa kanilang mababang antas ng pagkatuto. Ang karaniwang dahilan ng pagkabalisang nararamdaman ng mga mag-aaral ay ang takot sa pagkakamali sa gramatika at kakulangan sa bokabularyo at hindi ito lubos na nakaaapekto sa partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase, bagkus, ang sapat na kumpiyansa at kaalaman ng karamihan sa mga mag-aaral upang magamit ang wikang Filipino sa pakikipagtalastasan.

Sang-ayon din sa resultang ito ang pag-aaral ni Peneda (2021) na *"Mga Suliranin at Lapit sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Filipino sa mga Piling Paaralan sa Antas ng Tersarya"* sa konteksto o perspektibo ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino. Tulad ng mga mag-aaral ang pangunahing kahirapan na kinakaharap ng mga guro na nagtuturo ng wikang Filipino ay ang bahagi ng istrukturang gramatikal nito tulad ng paggamit ng tamang salita, angkop na paggamit ng mga bantas, wastong paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita at tamang pagbabaybay. Habang sa pagtuturo naman ng panitikang Filipino ang pangunahing kahirapang ng mga guro ay ang kakulangan sa interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akda sa kasalukuyan. Ang mga ito ay napakalaking suliranin o kahirapan para sa mga guro dahil malaki ang ginagampanang papel ng mga guro upang matugunan din ang mga sulirain at kahirapang kinakaharap ng mga mag-aaral.

Talahanayan 5. ***Makabuluhang pagkakaiba ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko batay kasarian***

Variable	U	Significant Value	Decision	Interpretation
Kasarian	365	0.452	Accept Null Hypothesis	Not Significant

Ginamit ang *'Mann Whitney-U Test'* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa harap ng Publiko batay sa kasarian. Batay sa resulta ng pagsusuri *(U=365, p=0.452*), lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga pangkat, sapagkat ang *p value (p=0.452)* ay mas mataas sa *alpha level* na *0.05*. Dahil dito, tinanggap ang null hypothesis na nagsasaad na ang suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino ay hindi nagkakaiba batay sa kanilang kasarian.

Ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay sumasang-ayon sa natuklasan sa pag-aaral ni Dela Cruz (2025) tungkol sa "*Factors Affecting the Oral Communication Skills in English of the Fourth Year Education Students in a Private Catholic University*". Pinapaliwanag dito na ang kasarian lamang ay hindi sapat na paliwanag para sa mga hamon sa pampublikong pagsasalita; ang iba pang mga salik, kabilang ang personal na karanasan, paghahanda, at kontekstong pang-edukasyon, ay kadalasang mas nakakaimpluwensya. Ayon kay Cruz (2023) ang mas inklusibong mga pamamaraan ng pagtuturo at suportadong mga kapaligiran sa silid-aralan ay nakatutulong sa lahat ng mga mag-aaral, anuman ang kasarian, na magkaroon nang mas matatag na mga kasanayan sa pampublikong pagsasalita.

Talahanayan 6. ***Makabuluhang pagkakaiba ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko batay antas ng baitang sa kolehiyo***

Variable	χ^2	Significant Value	Decision	Interpretation
Antas ng baitang sa kolehiyo	11.8	0.008	Reject Null Hypothesis	ignificant

Talahanayan 7. ***Makabuluhang pagkakaiba ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko batay antas ng baitang sa kolehiyo gamit ang Post-hoc Test***

Dwass-Steel-Critchlow-Fligner pairwise comparisons
Pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko

		W	p
First Year	Second Year	-0.669	0.965
First Year	Third Year	-2.990	0.149
First Year	Fourth Year	-3.852	0.033
Second Year	Third Year	-2.537	0.276
Second Year	Fourth Year	-3.621	0.051
Third Year	Fourth Year	-1.974	0.502

Ginamit ang *Kruskal-Walli's test* sa talahanayan 6, upang suriin ang pagkakaiba sa mga suliraning pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko sa iba't ibang antas ng kolehiyo. Nagpakita ito ng makabuluhang pagkakaiba *($\chi 2 = 11.8$, p =* 0.008), na mas mababa sa *alpha level* na *0.05*, kaya't tinanggihan ang null hypothesis. Isinagawa naman ang post-hoc pairwise comparisons gamit ang *Dwass-Steel-Critchlow-Fligner method* na makikita sa talahanayan 7, upang matukoy kung saan ang partikular na pagkakaiba. Lumabas na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga mag-aaral sa unang taon at ikaapat na taon *($W = -3.852$, $p = 0.033$)*. Gayunpaman, walang makabuluhang pagkakaiba ang nakita sa ibang mga paghahambing (unang taon vs. ikalawang taon, unang taon vs. ikatlong taon, ikalawang taon vs. ikatlong taon, ikalawang taon vs. ikaapat na taon, at ikatlong taon vs. ikaapat na taon), dahil ang kanilang *p-values* ay mas mataas sa 0.05.

Samakatuwid, ang pagkakaiba sa suliranin sa pagsasalita ng Filipino sa publiko sa pagitan ng unang taon at ikaapat na taon ay nagpapahiwatig na nagbabago ang mga hamon habang tumataas ang antas ng kolehiyo na sumusuporta sa Teorya ng Komunikatibong Kakayahan ni Dell Hymes (1972). Ibig sabihin, nagbabago ang konteksto, inaasahan, at antas ng kahusayan na kailangan sa pagsasalita, mula sa pangunahing kaba ng mga baguhan tungo sa mas propesyonal na hamon ng mga nakatatandang mag-aaral. Natuklasan din sa pag-aaaral nina Plandano et al. (2023) ang pag-usbong ng mga suliranin sa pagsasalita sa publiko gamit ang wikang Filipino mula unang taon hanggang ikaapat na taon ay malamang na nagpapakita ng paglipat mula sa mga batayang suliranin gaya ng kaba sa pagganap patungo sa mas komplikadong usapin tulad ng kakayahang makipagtalastasan sa antas-propesyonal. Iminumungkahi na habang sumusulong ang mga mag-aaral sa kanilang karerang pang-akademiko, ang kanilang mga hamon sa pampublikong pagsasalita ay nagiging mas sopistikado na lumalampas sa mga unang takot tungo sa paglinang ng propesyonal na komunikasyon sa Filipino, ngunit nananatiling mataas ang antas ng pagkabalisa sa kabuoan na nagbibigay-diin sa pangangailangan para sa patuloy na suporta at mga pagkakataon sa pagsasanay (Ferrao et al., 2023).

Talahanayan 8. ***Makabuluhang pagkakaiba ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko batay sa unang wika***

Variable	χ^2	Significant Value	Decision	Interpretation
Unang wika	9.18	0.328	Accept Null Hypothesis	Not Significant

Isinagawa ang *Kruskal-Wallis test* upang matukoy kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa mga suliraning nararanasan ng mga mag-aaral batay sa kanilang Unang Wika. Ayon sa resulta ng *Kruskal-Wallis test*, walang makabuluhang pagkakaiba ang kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko at ang unang wika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Nakuha ang *p-value* na *0.328* na mas

mataas sa *alpha level* na *0.05*, kaya ay minumungkahi ng mananaliksik tanggapin ang null hypothesis. Samakatuwid, walang sapat na ebidensya upang ituring na suliranin ang unang wika sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumasang-ayon sa pag-aaral nina Carpio et al. (2025) na ang mga mag-aaral ay karaniwang nakakaranas ng katamtamang antas ng pagkabalisa kapag nagsasalita sa publiko. Binigyang-diin nito na ang pagkabalisa sa pagsasalita sa publiko ay isang karaniwan at likas na karanasan para sa mga mag-aaral, anuman ang iba't ibang salik tulad ng unang wika. Sa pag-aaral ni Marcial (2016), natuklasan na ang antas ng pagkabalisa sa oral na komunikasyon ay walang makabuluhang kaugnayan sa unang wika, ngunit mayroon itong makabuluhang ugnayan sa sariling persepsyon ng kakayahan sa paggamit ng Ingles. Pinagtibay ni Chureson (2014) na nagsasaad na ang paglaganap ng Ingles ay nagdulot ng pagbabago sa wikang Filipino, na nagresulta sa paglitaw ng *Taglish*. Ito ay nagpahiwatig ng kaunting pagkawala ng kasanayan sa purong Filipino at Ingles sa ilang Filipino. Iminungkahi ng pag-aaral na ito na ang impluwensya ng Ingles bilang pangalawang wika ay nagdudulot ng suliranin sa pagsasalita ng Filipino sa publiko, anuman ang unang wika ng mag-aaral.

VII. KONKLUSYON

Batay sa isinagawang pag-aaral, lumitaw na hindi labis na apektado ang mga mag-aaral ng mga suliranin sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko, sa kabila ng ilang suliranin sa aspektong pang-sikolohikal, pang-sosyal, at pang-akademiko. Sa aspektong pang-sikolohikal, karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gaanong nakararanas ng matinding kaba, takot, o kakulangan sa kumpiyansa, bagama't ipinakita rin na may ilang pumapabor sa paggamit ng mas pamilyar na wika gaya ng *"Filish."* Sa panlipunang aspekto, bagama't may impluwensiya ang diyalekto at paghahalo ng ibang wika sa kanilang pagsasalita, hindi ito itinuturing ng mga mag-aaral bilang malaking hadlang sa mabisang komunikasyon. Samantala, sa aspektong akademiko, tanging ang kalituhan sa paggamit ng gramatika ang lumitaw bilang pangunahing hamon, subalit hindi ito naging sagabal sa pangkalahatang kakayahan ng mga mag-aaral na makibahagi sa talakayang akademiko gamit ang wikang Filipino.

Dagdag pa rito, natuklasan din sa estadistikal na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral batay sa kanilang kasarian at unang wika. Gayunpaman, may makabuluhang pagkakaiba batay sa antas ng taon sa kolehiyo, partikular sa pagitan ng mga mag-aaral sa unang taon at ikaapat na taon, na nagpapahiwatig na maaaring nababawasan o nagbabago ang mga suliraning kinakaharap habang tumataas ang antas ng edukasyon.

Sa kabuoan, bagama't may iilang suliranin sa pagsasalita ng wikang Filipino sa publiko, malinaw na hindi ito lubos na hadlang sa mga mag-aaral. Sa halip, nangangailangan lamang sila nang higit pang suporta, pagpapalawak ng kaalaman, at estratehikong pagtuturo upang higit pang mapalakas ang kanilang kumpiyansa at kasanayan sa paggamit ng Wikang Filipino sa iba't ibang larangan ng komunikasyon na hindi lamang sa publiko.

VIII. REKOMENDASYON

Iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

1) Para sa mga mananaliksik sa hinaharap, iminumungkahi na magsagawa sila ng mas malalim na pagsusuri sa mga personal na karanasan, saloobin, at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng wikang Filipino. Mainam ding palawakin ang saklaw ng pananaliksik sa iba't ibang major, kurso, o kolehiyo, at isaalang-alang ang iba pang salik tulad ng sosyo-ekonomikong katayuan at antas ng pagkalantad sa wikang Filipino.
2) Para sa mga mag-aaral, hinihikayat na patuloy na paunlarin ang kanilang kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga talakayang pangklase, seminar, at iba pang gawaing pampaaralan na gumagamit ng wika. Mainam ring linangin ang kanilang kumpiyansa sa sarili sa pamamagitan ng pagsasanay, pagbabasa, at panonood ng mga materyal na gumagamit ng wikang Filipino.
3) Para sa mga guro, iminumungkahi na magsagawa ng mga estratehiyang interbensyon sa pagtuturo upang higit na mapalakas ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral, tulad ng pagsasama ng mga oral performance, debate, presentasyon, at impormal na talakayan bilang bahagi ng pagtutro at pagtataya. Nararapat ding hikayatin ang paggamit ng Wikang Filipino sa iba't ibang konteksto, hindi lamang sa pormal na pagtalakay upang masanay ang mga mag-aaral sa paggamit nito sa natural at praktikal na paraan.

SANGGUNIAN

[1] M. Reyes, "Technology and Language Learning: Enhancing Filipino Language Skills," *Internatuinal Journal Language Studies, vol. 10, no. 3,* pp. 75–90, 2021.

[2] J. C. Culla-ag, G. T. Cosente, B. P. Chadya-as, N. U. Dirampaten, and M. L. G. Eguia, *"Mga hamon sa epektibong paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita,"* Graduate School, Baguio Central University, 2025. [Online]. Available: https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.015

[3] V. J. P. Dicang and H. B. Molina, "Mga Hamong Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Makrong Kasanayan sa Pagsasalita," *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, vol. 3, no. 12,* pp. 161–175, 2023. [Online]. Available: https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.014

[4] D. Ortanez, "Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Edukasyon: Pagkatuto Ng Mga Mag-Aaral Na Kankanaey Ng Wikang Filipino Bilang Pangalawang Wika," *International Journal of Advance Multidisciplinary Studies,* 2025.

[5] C. Quinlog, J. Lapena, L. J. Dabalos, and S. C. Compo, "Mga Hamon Ng Mga Mag-Aaral sa Pagsasalita at Pagsulat ng Wikang Filipino," *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRISE), vol. 2, no. 1,* pp. 60–67, *2025.* [Online]. Available: https://risejournals.org/index.php/imjrise/article/view/915

[6] A. D. Saavedra, "Technology engagement and writing skill: An analysis among elementary-grade Filipino learners," *Webology*, vol. 15, no. 1, 2018.

[7] R. Malavika and T. MuthuKrishnan, "The importance of teaching speaking skills," *International Journal of Creative Research Thoughts (IJCRT), vol. 9, no. 8,* 2021. [Online]. Available: https://ijcrt.org/papers/IJCRT2108307.pdf

[8] N. K. Sadullayeva, "The importance of speaking skills for EFL learners," *International Journal of Innovations in Engineering Research and Technology, vol. 8, no. 1,* pp. 28–30, 2021. [Online]. Available: https://repo.ijiert.org/index.php/ijiert/article/view/9

[9] A. D. Saavedra and F. A. Karanain, "Learners' beliefs and use of Chavacano as medium of instruction," *Journal of Language and Linguistics*, vol. 10, no. 1, pp. 40-46, 2022.

[10] P. Rao, "The Importance of Speaking Skills in English Classrooms," *International Journal of English Language and Literature Studies, vol. 2,* pp. 6–18, 2019. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/334283040

[11] S. Locus, "Paggamit ng wikang Filipino at Ingles sa iba't ibang kasanayan ng mga Pilipino: Isang pagsusuri," Social Weather Stations, 2023.

[12] GMA News Online, "SWS: 75% of Pinoys competent in Filipino language, 47% in English," GMA Network, Mar. 6, 2023. [Online]. Available: https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/879102

[13] A. D. Saavedra, "An exploration on the expressive skills among elementary-grade learners: A bedrock for the development t of computer-assisted teaching strategies," *Turkish Journal of Computer and Mathematics Education*, pp. 2343-2357, 2020.

[14] J. Y. Erezo and G.B. Sagala, " Antas ng Kasanayan sa Sayusay sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Estudyante sa Pribadong Paaralan," *Philippine E-Journals, 2021.* [Online]. Available: https://ejournals.ph/article.php?id=19397

[15] J. Delos Reyes, Retorikang Pag-aaral sa Kasanayan ng mga Mag-aaral, 2017.

[16] S. Almalki, "Integrating Quantitative and Qualitative Data in Mixed Methods Research Challenges and Benefits," *J. Educ. Learn., vol. 5, no. 3, 2016.*

[17] R. Fajardo et al., "Antas ng Hamon sa Pag-aaral ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalabing-isang Baitang," *International Journal of Research, vol. 11,* pp. 173–184, 2024. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/382651052

[18] A. Saavedra, "Varied strategies in improving the linguistic competence of selected elementary teachers: An action research," *Elementary Education Online*, vol. 15, no. 2, pp. 723-727, 2016.

[19] R. Mendoza, "Pagsusuri ng mga Kakulangan sa Materyales at Pagtuturo ng Wikang Filipino," *Filipino Lang. Rev., vol. 8, no. 1,* pp. 23–39, 2022.

[20] M. Alonzo, T. De Jesus, and J. Villanueva, "Kahalagahan ng Kultura sa Pagtuturo ng Wikang Filipino," *Philippine Journal of Education, vol. 10, no. 3,* pp. 112–127, 2021.

[21] M. Salmona, "The Use of First Language in the Second-Language Classroom: A Support for Second Language Acquisition," *Gist Education and Learning Research Journal, vol. 9,* pp. 50–66, 2014.

[22] Best Start Resource Centre, Kapag Ang Mga Bata Ay Nagsasalita Ng Higit Sa Isang Wika, *Best Start Resource Centre*, 2014. [PDF document].

[23] A. D. Saavedra and F. A. Karanain, "Learners' beliefs and use of Chavacano as medium of instruction," *Journal of Language and Linguistics*, vol. 10, no. 1, pp. 40-46, 2022.

[24] Sanaysay.ph, "Bakit Mahalaga Ang Paggamit Ng Unang Wika," *Sanaysay.ph,* Feb. 22, 2025. [Online]. Available: https://sanaysay.ph/bakit-mahalaga-ang-paggamit-ng-unang-wika/

[25] J. Cummins, Language, Power and Pedagogy: Bilingual Children in the Crossfire, Multilingual Matters, 2019.

[26] C. Benson, *"The Importance of Mother Tongue-based Schooling for Educational Quality,"* Commissioned Study for EFA Global Monitoring Report 2005, 2016.

[27] J. Garcia, "Challenges in Teaching Filipino Language Skills," *Journal of Language Education, vol. 15, no. 2,* pp. 45–60, 2020.

[28] L. Delos Santos and R. Villanueva, "Psychological Barriers in Learning Filipino: Overcoming Fear and Stigma," *Journal of Educational Psychology, vol. 22, no. 4,* pp. 98–110, 2022.

[29] D. Lim and E. Torres, "The Impact of Regular Speaking Practice on Filipino Language Proficiency," *Asian Journal of Language Education, vol. 18, no. 4,* pp. 112–125, 2022.

[30] A. Santos, "In the Philippines, distance learning reveals the digital divide," *Scientific Research Publishing,* 2020. [Online]. Available: https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=2964362

[31] K. Rodriguez and P. Santos, "Psychological and Sociological Aspects of Filipino Language Proficiency," *Philippine Journal of Psychology, vol. 16, no. 3,* pp. 55–70, 2021.

[32] S. Javier and T. Mendoza, "Family Influence on Filipino Language Proficiency Among Students," *Journal of Family Studies, vol. 20, no. 1,* pp. 45–60, 2023.

[33] J. Florkin, *"Pagtuturo sa Pampublikong Pagsasalita,"* 2024. [Online]. Available: https://julienflorkin.com/tl/mamili/coaching/Pagtuturo-sa-pagganap/pagtuturo-sa-pampublikong-pagsasalita/

[34] J. C. McCroskey, "Communication apprehension: A key to understanding speech anxiety," in *Communication Research Measures: A Sourcebook, Greenwood Press,* 1997, pp. 150–164.

[35] Y. Rachmawati, "The impact of self-confidence on public speaking anxiety among students," *Journal of Educational Research and Practice, vol. 9, no. 1,* pp. 34–45, 2019. [Online]. Available: https://doi.org/10.1111/j.1949-8594.2019.00129.x

[36] D. Goleman, *Emotional Intelligence: Why It Can Matter More Than IQ,* Bantam Books, 2006. [Online]. Available: https://p-flow-file-sign-sg.bytedance.net/tos-alisg-i-x6ac5o0v0s-sg/rc/003d385ca86c4528b26350536eca3169.pdf

[37] D. D. Sellnow and K. P. Treinen, "The role of gender in perceived speaker competence: An analysis of student peer critiques," *Communication Education, vol. 53, no. 3,* pp. 286–296, 2004. [Online]. Available: https://doi.org/10.1080/0363452042000265215

[38] M. De Paola, R. Lombardo, V. Pupo, and V. Scoppa, "Do Women Shy Away from Public Speaking? A Field Experiment," *IZA Discussion Papers, no. 12959,* 2020. [Online]. Available: https://www.iza.org/publications/dp/12959

[39] C. Wang and G. J. Hwang, "Gender differences in public speaking anxiety and the effect of instructional methods," *Computers & Education, vol. 120,* pp. 60–72, 2018. [Online]. Available: https://doi.org/10.1016/j.compedu.2018.02.003

[40] R. Smith, "Public speaking experiences of high school students: A study on anxiety and preparedness," *Journal of High School Education, vol. 14, no. 2,* pp. 23–35, 2020. [Online]. Available: https://doi.org/10.1002/jhse.2019.0047

[41] D. Hymes, "Communicative competence," [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/42798583_Communicative_Competence. [Accessed: 20-May-2025].

[42] S. McLeod, "Vygotsky's sociocultural theory," Simply Psychology, Dec. 7, 2023. [Online]. Available: https://www.simplypsychology.org/vygotsky.html.

[43] D. Tannen, "Genderlect Styles," [Online]. Available:https://www.afirstlook.com/docs/genderlect.pdf.

[44] N. Chomsky, Aspects of the Theory of Syntax, 50th Anniversary ed. Cambridge, MA: MIT Press, 2014. [Online]. Available: https://books.google.com/books/about/Aspects_of_the_Theory_of_Syntax_50th_Ann.html?id=ljFkBgAAQBAJ.

[45] E. Sulindra, T. Hartani, and A. N. Cendra, "Psychological-Related Challenges in Speaking: Experience of Vocational Students," Journal *of Education Research and Evaluation,* 2023. [Online]. Available: https://doi.org/10.23887/jere.v7i3.66587

[46] D. P. G. Galdonez, "Filipino language anxiety among science high school students," *International Research Journal of STEM Education, vol. 3, no. 4,* 2023. [Online]. Retrieved from: 8_IRJSTEM-V3N4-2023.pdf

[47] C. E. Pike and J. L. Raymundo, "Public Speaking Classroom Anxiety and Oral Language Performance of Senior High School Students," *International Journal of Linguistics, Literature and Translation, vol. 7, no. 7,* pp. 147–156, 2024. [Online]. Available: https://doi.org/10.32996/ijllt.2024.7.7.15

[48] M. Megawati and T. Apriani, "The Dynamics of Public Speaking Anxiety and its Impact on Speaking Performance: A Study Among College Students in Business and Economics," *Jurnal Ilmiah Manajemen Kesatuan, vol. 11,* pp. 627–636, 2023. [Online]. Available: https://www.researchgate.net/publication/376167465

[49] D. S. Tomas, J. Payangdo, and E. Sagayo, "Pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey ng wikang Filipino bilang pangalawang wika," *IJAMS Publisher,* 2023. [Online]. Available: https://www.ijams-bbp.net/...

[50] C. Daal, "*Mga Salik at Epekto ng Pagkabalisa sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa5Unang Taon* ng Father Saturnino Urios University," FSUU, 2023.

[51] M. B. Peñeda, "Mga Suliranin at Lapit sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Filipino sa mga Piling Paaralan sa Antas Tersarya," *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, vol. 5, no. 11,* pp. 24–30, 2021. [Online]. Available: https://www.ajhssr.com/

[52] G. M. P. Dela Cruz, "Factors affecting the oral communication skills in English of the fourth-year education students in a private Catholic university," *International Journal of Research in Education Humanities and Commerce, vol. 6, no. 1, p. 457,* 2025. [Online]. Available: https://doi.org/10.37602/IJREHC.2025.6130

[53] N. T. Cruz, "Improving The Oral Communication Skills of Senior High School Students Through the Use of Task-Based Strategy," *International Journal of Research and Innovation in Social Science, 2023,* pp. 1119–1125.

[54] R. Plandano et al., "Public Speaking Anxiety among College Students at St. Paul University Surigao," *International Journal of Current Science Research and Review, vol.* 6, pp. 1443–1447, 2023. [Online]. Available: https://doi.org/10.47191/ijcsrr/V6-i2-63

[55] B. S. Ferrao et al., "Level of Anxiety Regarding Public Speaking Among Young Adults in a Selected College, Mangalore," *Journal of Emerging Technologies and Innovative Research (JETIR), vol. 10, no. 9,* Sep. 2023. [Online]. Available: www.jetir.org

[56] M. D. L. Jawel, J. B. Carpio, M. S. A. Saavedra, and H. D. Bermillo, "Mga Salik na Nakapagdudulot ng Pagkabalisa sa Pagsasalita ng mga Mag-aaral," *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, vol. 9, no. 2,* pp. 173–186, 2025. [Online]. Available: https://www.ajhssr.com/...

[57] A. K. T. Marcial, "Learner variables and language anxiety in oral communication: The case of university students in the Philippines," *International Online Journal of Education and Teaching (IOJET), vol. 3, no. 4,* 2016. [Online]. Available: https://iojet.org/...

[58] O. Chureson, "The Impact of English as a Global Language on Filipino Language Practices," *Asia-Pacific International Journal of Education, vol. 16, no. 2,* pp. 22–36, 2014. [Online]. Available: https://journals.aiias.edu/info/article/view/131